# TAGULILONG
## (ang mga nawawala)

1. **Tagulilong**
2. **Hilong-TalilongTagulilong**
3. **Palaisipan**
4. **Palay Talambuhay**
5. **Kung walang bigas ang kaban nila**
6. **Magtanim ay ‘di Biro**
7. **Bugtong Bugtong**
8. **Bibingka at Lumad**
9. **Tatlong Agila**
10. **Awit kay Pamana**
11. **Magkasalungat**
12. **At kung may kanin sa hapag nila**
13. **Sino ang Lider?**

## 1. Tagulilong

Ayan na ayan na
ngunit hindi makita.
Ito kaya ay tunog
o isang bulong, kulog
o isang tagulilong?

Tagulilong
kung nandiyan lang
ngunit hindi nakikita,
ayaw magpakita,
ayaw ipakita
at unti-unti
nang nawawala.

Tagulilong
kung nandiyan lang,
ngunit ‘di nabibigyang
pansin, ‘di pinapansin
at ayaw pansinin.

Halimbawa ay bigas
sa palayan ng bayan
ng Kidapawan,
hindi nakikita
at ayaw ipakita,
sa mga taong
gutom sa kalsada.

Halimbawa ay agila,
tinitirador ng iilan
at kinakalbo ang tirahan.
Halimbawa ay Lumad,
lumikas sa tahanang lupa,
dahil may nagmimina
at nagpapalitan ng bala.

Ayan na ayan na
ang mga nawawala,
ngunit balewala
ang mga dahilan
ng paglalaho nila.

Ayan na, ayan na
ngunit di pa rin makita,
parang  hanging
hindi napapansin,
parang tunog
na papasok
sa isang tainga,
lalabas sa kabila.

*(ang* ***Tagulilon****g ay salitang Binisaya na tumutukoy sa kakayahang mawala  at hindi nagpapakita, tumutukoy din sa mga bagay na biglang nawawala nang hindi nalalaman ang dahilan.)*

*(Enero hanggang Marso, 2016 naging malawakan ang pagkasira ng mga palayan sa bayan ng Kidapawan, North Cotabato dulot ng El Nino na nagdulot ng pagkawala ng suplay ng bigas*

*(Ang mga agila ay"critically endangered" at unti-unti nang nawawala.)*

*(Lumad- opisyal na katawagan sa pangkat ng mga katutubong naninirahan sa Mindanao. Unti-unti na silang nawawala sa kanilang tahanang lupa.)*

## 2. Hilong-talilong Tagulilong

Ako ang taya,
pikit-matang iikot
sa bawat isa.
Kapag sa iyo
ako nakaturo,
sagutin ang tanong
na mahiwaga.

Ipasa sa katabi
upang siya nama'y
magbigay halimbawa.
Pabilisan ng sagot.
Ang hindi makatama,
*tandada, tandada,*
sa larong ito mawawala.

Tayo nang magsimula
mga bata.

*Hilong-talilong tagulilong,*
*Hilong-talilong tagulilong.*
Magbigay halimbawa
ng hindi nakikita.

Enerhiya, tagabulag, dagitab.

*Hilong-talilong tagulilong*
*Hilong-talilong tagulilong.*
Anu-ano ang mga bagay
na biglang nawawala?

Pera, laruan, damit.

*Hilong-talilong tagulilong,*
*Hilong-talilong tagulilong*
Magbigay halimbawa
ng mga  nawawala,
sa lungsod na dambuhala.

Maluwag na daan,
malinis na hangin,
libreng tubig na inumin.

*Hilong-talilong tagulilong,*
*Hilong-talilong tagulilong*.
Magbigay halimbawa
ng mga nanganganib
na mawala.

Pagkaing bigas,
ibong agila,
Lumad na aba.

Saan napupunta ang bigas
ng mga magsasaka?
*Tandada!*

Magbigay pangalan
ng mga bagong silang
na agila.
*Tandada!*

Pangalanan mga Lumad
sa iyong banwa.
*Tandada!*

Inangkupo,
tuluyan na nga ba
silang nawala?
Ay ikaw bata
sagutin ang tanong
na mahiwaga.

*(banwa- bayan, lugar, probinsya)*

**3. Palaisipan**

Isang palaisipan ating pag-usapan,
tatalas ang isipan at karagdagang
dunong ay makakamtan.

Uy Dausay,
may isda bang walang hasang?
O ibong walang pakpak,
O bulaklak na walang talulot,
O ilog na walang tubig?
Ito ay katawa-tawa ‘di ba,
hindi magtatagal
malilimutan ‘yan sila.

Ay Haslaida,
ano ang gamit ng lapis
na walang panulat,
O *jacket* na walang manggas,
O payong na butas,
O gulong na *flat*?
Hindi magtatagal
maisasantabi ‘yan sila.

Ey Joshua,
kung walang baterya
ang iyong kompyuter,
walang kapangyarihan
si Superman,
at walang asukal ang kendi,
magugustuhan mo pa kaya?
Hindi magtatagal,
maglalaho ‘yan sila.

Kambal, kawangis,
karugtong ng buhay,
magkakaugnay.
Tao, hayup o bagay
ano ang kaagapay?

Kung walang bigas
ang magsasaka,
walang tirahan ang agila,
walang lupa
ang mga Lumad na aba,
alin sa tatlo kaya
ang mangyayari sa kanila,
malilimutan,
maisasantabi,
mawawala?

## 4. Palay Talambuhay

Binhi kung tawagin
aking mga magulang.
Lupa, tubig at hangin
ay kanyang kaibigan.

Mula sa mapagkalingang kamay,
umusbong akong luntian.
Pinagtibay upang magdala
ng ginintuang bunga,
sa kaban ng bawat pamilya.

Samut-sari ang tawag sa akin.
Dinorado, Milagrosa, Sinandoming,
Azucena, Bordagol, Wagwag
Basmate, minsan ay Jasmine.

Palay kung hindi pa nabalatan,
bigas pagkalalabas sa gilingan,
kanin kung sinaing,
lugaw kung sinabawan.

Tutong kung natusta,
bahaw kung nalipasan na,
at kung igisa, masarap
na sinangag ang tawag nila.

Itinuring akong anak
ng magsasaka ngunit
laging nawawala sa kanila.
Itinatago sa bodega,
hinahaluan ng plastik
upang makamura,
pinupuslit sa karagatan,
minsan ay inaangkat
galing ibang bayan.

Nang matagal hindi nagkita
ang ulan at lupa,
nagkabitak-bitak ang palayan
at ako ay nawala.
Hinanap ako sa ibat –ibang
bahagi ng bansa.

Iba-iba ang aking pangalan.
Binicol, Bigante, Dinalaga
Sinampablo, Masipag, Angelica

Malagkit, Binulawan, Banaybanay
Macan, Palawan,  Magkapilay pusa.

*Humay* kung hindi pa nabalatan,
*bugas* pagkalalabas sa gilingan.
*kan-on* kung sinaing.
Balutin mo sa dahon ng niyog,
*pusố* ang tawag nila.

Lugaw kung sinabawan,
*dukot* kung natusta.
bahaw kung nalipasan na,
pero kung igisa masarap
na *kalukalo* ang tawag nila.

Ipinagtanong nila
aking kinaroonan
sa ibat-ibang ahensya.
Ngunit ako ay naluha
nang mapunta ang aking
tagakalinga sa kalsada.
At hindi ako, kundi punglo
ang ibinigay sa kanila.

Binhi aking mga magulang,
kailangan ng mga magsasaka.
Pangalan ko ay iba-iba,
at sana hindi sa ganito
magtatapos aking istorya.

*(Marso 2016, humingi ng suportang bigas ang mga magsasaka ng Kidapawan, North Cotabato dahil sa malawakang pagkawala ng bigas dulot ng matinding El Nino)*

### 5. Kung walang bigas ang kaban nila

1. Magugutom si *inoy* at *apâ*.
2. Magugutom ang mga anak na sina Dausay at Irna.
3. Magkakaingin si apâ, ngunit maghihintay pa kung kailan may bunga.
4. Maghihintay siya hanggang makikipagkaibigan ang ulan sa lupa.
5. Sumama si *inoy* sa mga nanghihingi ng bigas sa kalsada.
6. Naku, haharangin sila ng polisya.
7. Naykupo, papuputukan ng bala upang sila ay mawala.
8. Ikukulong si *inoy* dahil raw nagkasala.
9. Naiwan si Dausay na gutom sa dampa.
10. Si Irna ay mapupunta sa kalsada.
11. Kukumbidahin sila ng ibat-ibang alyansa.
12. Tuturuan kung paano magpaputok ng bala.
13. At sasali siya dito para sa mga *inoy* na nawawala.

*( Inoy- tawag sa Ina ng salitang Manobo, apa- tawag sa ama ng salitang Manobo)*

**6. Magtanim ay ‘di biro**

Paano nabubuo
ang bigas ading Lala,
nais magkwento
ni ate Juana.

Hindi ko alam,
maari mo bang
ikwento sa akin
ang mga paraan?

*Magtanim ay ‘di biro*
*Maghapong nakayuko*
*Hindi naman makatayo*
*Hindi naman makaupo*
*Bisig ko’y namamanhid*
*Baywang ko’y nangangawit.*
*Binti ko’y namimintig*
*Sa pagkababad sa tubig.*

Gaano kahalaga
ang bigas ading Lala,
nais tumula
ni ate Juana.

Hindi ko alam,
maari mo bang
bigkasin sa akin
ang kanyang timbang?

*Kay-pagkasawing-palad*
*Ng inianak sa hirap,*
*Ang bisig kung di iunat,*
*Di kumita ng pilak.*
*Sa umagang pagkagising*
*Lahat ay iisipin*
*Kung saan may patanim*
*May masarap na pagkain.*

Alamin natin Lala,
ang halaga ng bigas
sa bawat gutom
na magsasaka.
Alamin natin Lala,
ang pagkawala nito
sa hapag nila.

Huwag mainis
kung sila’y nagmamartsa,
bagkus tulungan nating
ibalik ang  mga nawala
sa kanila.

Pagkatapos ng hapis,
sabay na umawit
ng may pag-asa
si ading Lala
at ate Juana.

*Halina, halina, mga kaliyag,*
*Tayo’y magsipag-unat-unat.*
*Magpanibago tayo ng lakas*
*Para sa araw ng bukas*

*(Hango sa kantang Magtanim ay ‘Di Biro)*

*(ading- tawag sa nakababatang kapatid ng salitang Ilocano)*

**7. Bugtong Bugtong**

Bugtong bugtong,
salitang nagbibigay dunong.
Palawakin ang isipan,
gamit ang salita ng kasaysayan.

Hindi Moro o Cebuano,
Hindi pari o hari,
kundi tagabantay ng lupang
dati nilang pag-aari.
Matagal na sila rito,
nauna pa sa pinakamatandang
simbahan na alam mo.

May mandirigma sila,
*bagani* ang tawag
hindi sundalo.
May manggagamot sila,
*baylan* ang tawag
hindi doktora,
May pinuno sila,
*Datu* ang tawag
hindi pangulo.

Mahilig silang maglaro,
sumayaw,umawit, tumugtog,
at makukulay ang mga damit
na hinahabi at isinusuot.

Bugtong bugtong
salitang nagbibigay dunong
Batang maliksi, buklatin
librong tinatangi.

May labingwalo ang bilang
ng kanilang tribu.
Matatagpuan sa kagubatan,
katubigan at kapatagan.

Maraming ginto at mineral
sa malawak nilang lupa.
Tawagin natin silang
*Mandaya, Manobo*
*Dibabawon, Mansaka.*
Malabong ang kagubatan
at matatayog ang kabundukan
ng *Bagobo, Banwaon, Ata*
*Mamanwa, T'boli, B'laan*.

Mahaba ang patubigan
na enerhiyang pinagkukunan
sa kalupaan ng mga
*Subanen, Bukidnon,*
*Talaandig, Higaunon*.
Matatapang na tagabantay
ng mga talon at kagubatan
ang *Mangguwangan, Tagakaolo,*
*Teduray, Ubo.*

Bugtong bugtong,
ako ay nagtatanong.
Sabay nating hanapin
mga kasagutang
dapat unawain.

Umakyat sila pataas
nang lumubo ang dayong tao,
dahil umiiwas sa gulo.
Ngayon sila'y bumababa
dahil sa nagpapalitang bala,
nagmimina at nagbabagong klima.

Kung ang mga ninuno natin
ay ipinaglaban ang kasarinlan,
at ang bawat Moro
ay ang sariling pagkakakilanlan,
Lupa naman ang nais
nilang maibalik at makamtan.

Anak ng mundo,
matagal nang nandito.
Ngayon ay unti-unting
nawawala kasama
ang kanilang lupa.

*(Nahahati sa labingwalong pangkat ang mga Lumad bagamat maraming pagkakaiba ang berso ng mga saliksik. Bawat pangkat ng Lumad ay nahahati rin sa isa o mas maliit pang pangkat. Hindi madaling matukoy ang kanilang orihinal na pinanggalingan dahil sa unti-unting nawawalang mga dokumentong patunay, dahil din nakabase ang kultura ng Lumad sa tinatawag na **oral traditions**. Ngayon unti-unti silang nahihiwalay sa kanilang lupa na tinatawag na **ancestral domain,** at nais nila itong makamtang muli.)*

*(Moro = ang mas akmang itawag sa mga Muslim; isa mga tribu na unang naninirahan sa Isla ng Mindanao)*

*(Cebuano- ang orihinal nilang pinanggalingan ay ang Isla ng Vizayas, ngunit ang karamihan ay lumipat sa Mindanao noong dekada 1930-1980s upang maghanapbuhay at magkaroon ng lupa).*

*(Sagot sa bugtong: **Lumad**)*

## 8. Bibingka at Lumad

Bibingka at lumad,
ano ang pagkakatulad.
Tanong na mahirap,
tanging  nagbabasa lamang
ang makasasagot
at magiging mapalad.

Niluluto sa ilalim,
niluluto sa ibabaw.
May siga sa ilalim,
at apoy sa ibabaw.
Iyan ay paraan
ng pagluluto ng anong
kakaning mabenta
ngunit may bitak-bitak
sa mukha?

Ang lupa ng mga *Subanen*
*B'laan, Mansaka at Manobo*
ay hinukay dahil sa ginto,
na sa kalaunan ay nagtaboy
sa kanila papalayo.
Sinong minero ang
may ganitong istilo ?

May nangumbidang hukbo
at nagsabing sumama ka dito.
Hindi rin nagpatalo
ang kalabang grupo,
at sinabing mas magandang
umanib dito.
Alam mo kung sinu-sino
ang mga ito?

Pati bata ay kinumbidang
maging sikyu, tagalinis at  kartero
sa loob ng kanilang kampo .
Siga sa ilalim, apoy sa ibabaw
Ahh, sino ang kanilang niluluto?
Kaninong mukha
ang nagiging baku-bako?

Sa panahon ng  engkwentro,
Ang sabi ng mga nangumbida,
Kayu-kayo muna ang mauuna.
Ahh, sino ang natutusta?

Bibingka at Lumad,
ano ang pagkakatulad.

Hiwaga kaya o sadya,
ang unti-unting
pagkakawala ng mga
Lumad na aba?

## 9. Tatlong Agila

*(hango sa sikat na kantang May Tatlong Bibe,*
*maaaring lapatan ng tunog gamit*
*ang awiting ito)*

May tatlong agila
akong nakita.
May malaki, maliit
at matigas na agila.

'Yung malaki ay nakakulong,
sa dambuhalang hawla.
'Yung maliit ay lumilipad,
sa mapanganib na gubat.
Ngunit 'yung matigas
na nasa pasilyo,
siya ang lider na nagsabi nang
*Huhuhu, huhuhu.*
Paano kaya sila sasaya?

May tatlong agila
akong nakita.
May malaki, maliit
at matigas na agila.
Ang pangalan nila
ay Pag-asa, Pamana at Diola.
Paano kaya sila sasaya?
*Hahaha, Hahaha.*

Iyung malaking agila
ay nakapangitlog na.
Iyung maliit ay binabantayan
ng mga Lumad.
Ngunit 'yung matigas
na nasa pasilyo,
kung saan mababasa
ang kwento ng buhay niya,
Siya ang lider
na nagsabi nang
*Hahaha, hahaha.*

Sana dumami pa
ang lahi nila.
*Hahaha, hahaha.*

*( Si Pag-asa, Pamana at Diola ay ilan sa mga agilang inalagaan sa Philippine Eagle Center (PEC), Malagos. Makikita sa PEC ang embalsamadong katawan ng mga namatay na agila kung saan mababasa ang kwento ng buhay nila)*

**10. Awit kay Pamana**

**Bisaya:**

Nay mibaril sa agila
sa sanga sa  usa ka kahoy,
ug naigo sa bala ang dughan sa langgam.
Manong nga mangtas, ang kasingkasing
nimo wa nalooy, kon mawagtang
ang kaliwat sa mga agila
mohilak kining atong banwa.

**Meranaw:**

Adun a tominimbak ko agila
sii ko sapak a kayo,
na miyasogat a panglo sa rareb so papanok.
Mama a mapr's, giya a puso oka na
dadun maranon, anday kalngan
o kiyababadan ko mga agila,
na giya pagingdan aya na ng'goraok.

**Dabawenyo :**

Awon gatiro ng agila,
na yahapon sang sanga ng isa ka kahoy,
yaigo ng bala yang dagaha ng langgam.
Manong na malabha, yang kasing- kasing mo
way kalooy, kung mawa
yang liwat ng agila,
ngidi na lugar maga tiyaho.

**Tagalog:**

May bumaril sa agila
sa sanga  ng isang kahoy.
At nahagip ng bala ang dibdib ng ibon.
Mamang kaylupit,  ang puso mo ay
hindi na nahahabag, kapag nawala
ang lahi ng mga agila,
ang bayang ito ay iiyak.

*(Hinango sa kantang Ang Pipit)   (Binaril ang agilang si Pamana noong  Agosto 16, 2015 sa Davao Oriental. Ang pangkat Dabawenyo, Meranaw at Bisaya ng Rehiyong 11 ay  ilan sa mga tribung naninirahan sa mga kagubatan kung saan may namamataan pang agila sa gubat.)*

**11. Magkasalungat**

Dalawang pangngalan
‘di magkatulad ang kahulugan.
Dalawang pang-uri
magkaiba ang paglalarawan.
Dalawang pandiwa
magkasalungat ang isinasagawa.

Pagmasdan natin ang kapaligiran.
Bundok at karagatan,
bukangliwayway at takipsilim,
umaaraw at umuulan.

Damahin natin ang temperatura.
Mainit at maginaw,
alinsangan at halumigmig,
nagpapawis at nagpapalamig.

Lakbayin natin ang bansa.
Luzon at Mindanao,
rural at urban,
pakanluran at pasilangan.

Tingnan natin sa katangian.
Ordinaryo at bukod-tangi,
mapagbigay at makasarili,
nawawala at dumadami.

Suriin natin ang katawan,
Hinlalaki at kalingkingan,
bilugin at balingkinitan,
pinatataba at pinatatangkad.

Subukan natin sa bilangan,
Buo at kulang,
kakaunti at marami,
dinagdagan at binawasan,

Pasukin natin ang iyong bahay.
Sahig at kisame,
loob at labas,
sasara at bubukas.

Subukan natin sa salapi.
Papel at barya.
mahal at mura,
mag-ipon at gumasta.

Suriin  natin ang mga nawawala.
Pagkaing bigas at bala,
si Pamana at *sumpak,*
Tribung *Manobo* at pistola.
Nagbibigay buhay ang una,
pumapaslang ang pangalawa.

Pag-aralan silang mga nawawala.
Palay Kinastano at El Nino,
si Pagkakaisa at sunog na  Bundok Apo,
*Mandaya* at bagyong Pablo,
Lakas ng kalikasan ang una,
uri ng kalamidad ang pangalawa.

Iba-ibang diwa at katawagan,
magkaiba ang kahulugan.
Pagmasdan, damahin, suriin ,
lakbayin, subukan at balikan.

Kung  bigas ay dadami,
ano dapat ang ating gawi.
Kung  Lumad ay sasagipin,
ano dapat ang hindi gagawin.
Kung mga agila ay uusbong
ano ang maaring itulong.
Kung  tagulilong ang ipapanalo,
anu-ano dapat ang maglalaho.

*(Sumpak- isang uri ng baril  na ginagawa lang sa bahay)*
*(Mandaya, Manobo-  pangkat ng mga Lumad)*
*(Kinastano – isang uri ng palay)*
*(Pablo- isang super bagyo na tumama sa Mindanao noong 2012)*
*(Bundok Apo- nasunog ito taong 2016 ng halos isang buwan, malaking bahagi ang napinsala sa isa sa mga tirahan ng agila)*
*(Pamana, Pagkakaisa- mga pangalan ng agila)*

**12. At kung may kanin sa hapag nila**

1. Mabubusog si Dausay at Irna.
2. Makapaglalaro sila ng taguan, tigsoanay at tumba-lata.
3. Papasok sa paaralan ng masaya at walang pangamba.
4. Tutulungan sa gawaing bahay sila *inoy* at *apâ*.
5. Magtatanim ng palay si apâ at makapaghihintay siya.
6. Makakagawa ng *tikog* si inoy at may hanapbuhay siya.
7. May oras silang mag-aral ng katutubong sayaw at musika.
8. Ipapakita nila sa madla at hahangaan sila.
9. Tutulungan nila ang mga batang Lumad at sasaya sila.
10. Mauunawaan nilang hindi kailangang gumamit ng dahas at bala.
11. Tutulungan din nila ang pamahalaan at polisya.
12. Mapapanatili ang kapayapaan at hindi kaguluhan sa banwa.
13. Magiging masaya at may kakayahang umunlad ang bawat isa.

*(tigsoanay- katutubong laro na agawan,*
*Tumba-lata – tumbang preso*
*tikog - katutubong banig)*

## 13. Sino ang Lider?

*(Sabayang Bigkas)*

May mga bata akong nakita.
Moro, Lumad, Kristiyano,
mapagmatyag na mga bata.
May babaguhin silang banwa.
Sino ang magiging lider nila?

Ang sabi ni Muntazar,
ako ay tutula  sa madla.
Ang sabi ni Rading,
uugaliin kong  magbasa,
Ang sabi ni Teresa,
ako'y tutulong sa kapwa.
Sino ang magiging lider nila?

Ang sabi ni Normina,
huwag mag-aksaya
ng bigas na nawawala.
Ang sabi ni Irna,
alagaan ang tirahan ng agila.
Ang sabi ni Mariya,
mahalin mga Lumad,
igalang kanilang sayaw at musika.
Sino ang magiging lider nila?

Nanay, tatay, ate, kuya,
guro, kapitbahay, kaibigan,
Sino ang lider na magsasabing
tayo nang magsimula!